# ANG EBOLUSYON at Barayti ng Wikang Filipino sa Mundo ng Social Media: Isang Corpus-Based na PAG-AARAL

***Melissa A. Taob*[1]*, Christopher C. Baldonado, EdD*[2]**

[1]Teacher, SHS Department, Jose Marie College Foundation Inc., Davao City, Philippines
melissataob16@gmail.com

[2]Professor, Graduate School Department, University of the Immaculate Conception, Davao City, Philippines
cbaldonado@uic.edu.ph

**ABSTRAK**

Ang pananaliksik na ito ay nakatuon sa pag-unawa sa patuloy na pag-usbong at pag-unlad ng wikang Filipino sa mga digital na platporm. Sa pananaliksik na ito, tinutukan ang tatlong pangunahing aspeto ng wikang Filipino na makikita sa social media: ang pagbabago ng bokabularyo, kahulugan ng wika batay sa konteksto, at estilo ng komunikasyon. Ginamit sa kwalitatibong pamamaraan ang corpus-based na dulog upang sistematikong masuri ang anyo ng wikang Filipino sa social media. Ang kalipunan ng datos ay binubuo ng 10,000 pampublikong post mula sa tatlong pangunahing plataportmang digital: Facebook, Twitter, at Instagram. Sumasaklaw ang post mula taong dalawang libo at labimpito hanggang sa kasalukuyan. Pagkatapos nito, ipinroseso ang datos gamit ang *AntConc Software* na isang kagamitan para sa corpus analysis. Sa tulong ng AntConc, natukoy ang mga pinakamadalas lumabas na mga salita o parirala sa isang corpus at ang dalas ng paggamit nito, kaya matutukoy ang mga termino. Sa huli, nakabuo ng isang komprehensibong glosaryo ng mga makabagong anyo ng wika na may kalakip na kahulugan, halimbawa sa aktwal na post, at mungkahing pangungusap. Mahalagang tandaan na ang resulta ng pananaliksik ay nakabatay lamang sa mga post sa social media at hindi maaaring ilapat sa lahat ng larangan ng paggamit ng wikang Filipino.

*Susing salita: Ebolusyon ng wika, barayti ng wika, social media, wikang Filipino, corpus-based na pag-aaral, wikang panlipunan*

---

## INTRODUKSYON

Ang mabilis na palitan ng impormasyon sa Facebook, Twitter, at Instagram ay nagbubunga ng mga bagong bokabularyo, pinaikling anyo ng salita, at malikhaing ekspresyon na madalas lumilihis sa tradisyunal na pamantayan ng wika. Nagdudulot ito ng hamon sa pagpapanatili ng kaayusan at pagkakaugnay-ugnay ng wika at pagkakaroon ng agwat sa komunikasyon sa pagitan ng mga henerasyon at sektor ng Lipunan (Suizo, 2021). Dahil dito, naging mahalaga ang sistematikong pag-aaral ng ebolusyon ng wika sa social media tungo sa mas malinaw na kaalaman at maayos na pag-unawa hinggil sa mga bagong anyo ng wikang Filipino na hinuhubog ng social media.

Sa United States of America (USA), ang impluwensya ng *social media* at digital na komunikasyon ay naging malalim. Ang pagdating ng mga platporm tulad ng *Twitter, Facebook,*

*at Instagram* ay nagpakilala ng bagong bokabularyo at mga estilo ng komunikasyon. Samantala, ang Japan ay nagpapakita ng isang natatanging kaso ng ebolusyon ng wika, kung saan ang epekto ng teknolohiya at media ay kasama ng mga tradisyonal na elemento ng linggwistika. Sa United Kingdom naman, ang ebolusyon ng wika ay naimpluwensyahan din ng *digital media*, ngunit gayundin ng mga salik sa kultura at politika. Ang pagtaas ng *texting at social media* ay humantong sa paglikha ng mga bagong slang at ekspresyon, na kadalasang nagmumula sa kultura ng kabataan, (Gottlieb, 2018).

Sa Iligan City, binuksan ng pag-aaral na ito ang mga nakahihimok na paghahayag na humahamon sa kumbensyonal na mga ideya ng online na komunikasyon. Ang malawak na paggamit ng Facebook ng mga mag-aaral sa kolehiyo ay nag-udyok upang isagawa itong pag-aaral para sa *sociolinguistic* na pagsisiyasat, (Seering at Siraj, 2021). Samantala, sa Makati City, isang artikulo ang naglalaman ng talakayan tungkol sa *Social Media and Individual Differences* bilang textual analysis ng mga post sa social media ng mga Kabataan sa Pilipinas, na nakatuon sa sosyolinggwistikong aspeto ng wika. Sa Visayas, bagama't umuunlad ang wika sa paglipas ng panahon at sa bawat susunod na henerasyon, ang ilang salita ay nakatutulong sa ating kasalukuyang mga leksikon.

Sa Davao City, ang mga kabataan ay madalas gumamit ng *hybrid language*—isang kombinasyon ng Cebuano, Tagalog, at Ingles—na lumalabas mula sa kanilang interaksyon online o pakikipag-usap sa social media. Ang mga bagong terminolohiya at estruktura ay umuusbong mula sa ganitong uri ng komunikasyon, na nagiging bahagi ng kanilang pang-araw-araw na pagsasalita. (Lovitos, 2023). Sa General Santos City, ang mga taong nangingibabaw sa online na komunidad at naimpluwensyahan ang iba na magbago at umangkop sa kulturang kanilang itinatayo. Ito ay makikita sa pamamagitan ng social media na mga platporm tulad ng Instagram, Twitter, at Facebook, kung saan ang mga bata ay patuloy na nagpo-post ng kanilang mga nilikha, (Soriano, 2023). Isang pag-aaral mula sa Bukidnon, ang nagpatunay na ang teknolohiya ay naging bahagi ng mas malawak na modernisasyon, lalo na sa mga kabataan. Malinaw na ipinakita ng pag-aaral na ito ang katwiran para sa paglitaw ng balbal, ang sikat na imbensyon ng GenZers, at kung paano naiimpluwensyahan ng mga tradisyong panlipunan at maging ng kultura ang paglitaw nito.

Samantala kulang ang pananaliksik na tumatalakay sa sitwasyon ng wikang Filipino sa digital na plataporma. Dito lumilitaw ang gap sa literatura na nais tugunan ng pag-aaral na ito. Mahalaga itong pag-aralan sapagkat ang social media ang isa sa pangunahing midyum ng komunikasyon ng mga Pilipino, at dito mabilis na nahuhubog ang bagong bokabularyo, ekspresyon, at estilo ng pakikipag-ugnayan na maaaring makaapekto sa mas malawak na paggamit ng wikang Filipino.

Maraming naunang pag-aaral ang tumalakay sa epekto ng social media sa ebolusyon ng wika sa iba't ibang bansa. Ipinapakita ng mga ito na ang social media ay nagiging pangunahing daluyan ng bagong bokabularyo, ekspresyon, at istilo ng komunikasyon ng kabataan. Gayunpaman, kapansin-pansin na kulang pa ang sistematikong pagsusuri ng wikang Filipino mismo sa mas malawak na digital na espasyo. Karamihan sa mga pag-aaral ay nakatuon lamang sa partikular na rehiyon, sa kabataan bilang pangunahing tagagamit, o sa mga piling aspekto ng wika. Bukod dito, kakaunti ang corpus-based na pag-aaral na sumusubaybay sa mga pagbabagong lingguwistiko sa paglipas ng panahon. Dahil dito, nananatiling limitado ang pag-unawa sa mas malawak na ebolusyon at barayti ng wikang Filipino sa social media. Upang tugunan ang puwang na ito, inilahad ng kasalukuyang pag-aaral ang pagsusuri, gamit ang corpus-based na dulog at AntConc software. Layunin nitong makabuo ng komprehensibong

glosaryo ng mga bagong salita, parirala, at estilo ng wikang Filipino sa social media, na may kalakip na kahulugan, aktwal na halimbawa, at mungkahing paggamit. Sa ganitong paraan, nagbibigay ang pananaliksik ng mas malalim na pag-unawa sa dinamiko at makabagong anyo ng wikang Filipino, na makatutulong sa mas malinaw na komunikasyon at pagkakaunawaan sa lipunang Pilipino.

Para naman sa diseminasyon, ang mga natuklasan sa pag-aaral ay inaasahang mapaabot sa mga lingguwista, guro, mag-aaral, *social media influencers, social media users,* magulang, kabataan, at iba pang miyembro ng komunidad na umaangkop sa kulturang popular na makapagbigay ng positibong epekto na lubusang makatutulong upang mapalawak ang kamalayan sa ebolusyon ng wika sa digital na konteksto. Ang social media na mga platporm ay gagamitin upang mabilisang maibahagi ang mga natuklasan sa pag-aaral. Maaaring ilathala ang glosaryo sa mga social media platporm para madaling makita at magamit ng mga mag-aaral, guro at iba pang mananaliksik. Magsisilbi itong lunsaran o hanguan ng ibang mananaliksik upang palawakin pa ang pag-aaral.

## TEORETIKAL NA LENTE

Ang pag-aaral na ito ay mula sa konsepto ng *Morphological Processes* ni Murray (1995). Ang mabilis na pag-unlad ng teknolohiya at online na *social networking* ay nagkakaroon ng epekto sa wika. Sa pamamagitan ng paggamit ng mga bagong salita kung saan kilala rin bilang *neologism*, ang ebolusyon ng wikang iniangkop sa mga platporm ng social media ay nagbago sa paraan ng pakikipag-usap ng mga indibidwal. Ang salitang 'Neologism' ay nagmula sa kumbinasyon ng salitang Pranses na neo na nangangahulugang 'Bago' at isang logos ng salitang Griyego, na nangangahulugang 'salita'. Ito ay karaniwang tumutukoy sa isang bagong likhang salita na maaaring nasa proseso ng pagpasok ng karaniwang paggamit ngunit hindi pa tinatanggap sa pangunahing wika. Ang ilang mga gumagamit ng social media ay bumuo ng isang neologism sa pamamagitan ng pagsunod sa isang partikular na proseso. Ang mga nakalahad na mga proseso ay nagpapakita kung paano ang mga makabagong salita ay nabuo. Ang pokus ng pag-aaral na ito ay pangunahin sa pagbuo o pag-unlad ng isang *neologism*, (Ahmad, 2020). Samakatuwid, ang ilang mga pag-aaral sa mga prosesong *morphological* ay inangkop sa pag-aaral na ito upang pag-aralan ang proseso ng pagbuo ng salita na ginamit upang lumikha ng mga neologism.

## METODO

Ang datos sa pananaliksik na ito ay nakatuon sa pagsusuri ng mga post mula sa tatlong pangunahing social media platporm tulad ng Facebook, Twitter (X) at Instagram. Ang mga naturang platporm ay ginagamit ng milyun-milyong Pilipino sa araw-araw upang magbahagi ng kanilang mga saloobin, opinyon at karanasan. Sa kabuuan, 10,000 na post ang ginamit upang suriin ang paggamit ng mga makabagong salita, parirala at estilo sa wikang Filipino mula taon 2017 hanggang sa kasalukuyan. Pinili ang panahong ito sapagkat dito nagsimulang maging mas malawak ang paggamit ng social media sa Pilipinas at dito rin nagsimulang lumaganap ang maraming *Gen Z slang* at *neologisms*. Sa tulong ng AntConc Software at manwal na pagsusuri, tinanggal ang mga dobleng entry, spam posts, at mga nilalamang walang malinaw na gamit sa wika. Bagama't pampubliko ang datos, siniguro ang anonimidad ng mga orihinal na may-akda sa pamamagitan ng pagtanggal ng pangalan, litrato, at iba pang personal na impormasyon. Ginamit lamang ang mismong salita o parirala bilang datos, alinsunod sa mga pamantayan ng etikal na pananaliksik sa social media.

Sa pag-aaral na ito, ginamit ang kwalitatibong pananaliksik gamit ang corpus-based na dulog. Ayon kay Crossman (2020), ang kwalitatibong pananaliksik ay isang anyo ng pananaliksik na pang-agham panlipunan na nagtitipon at nagpapatakbo ng mga datos na hindi pang-numero at sinusubukan na makakuha ng kabuluhan mula sa mga datos na nakatutulong upang maunawaan ang buhay panlipunan sa pamamagitan ng pag-obserba sa mga naka-target na komunidad o lokasyon. Bilang bahagi ng masusing pagsusuri sa mga nakalap na datos, ginamit sa pananaliksik ang corpus-based na dulog na binigyang kahulugan bilang isang uri ng diskarte sa pananaliksik na nagsasangkot ng sistematikong pagsusuri ng datos ng wika na nakolekta sa corpora, na malalawak at nakabalangkas na hanay ng mga teksto.

Ang corpus-based na pag-aaral na ito ay gumamit ng mga pampublikong mensaheng pinaskil mula sa tatlong pangunahing social media platporm tulad ng Facebook, Twitter (X) at Instagram bilang pinagmulan ng datos para sa linguistic analysis. Ang mga salita at parirala na ito ay mababasa at naa-access online, kaya, ang mga datos na ito ay itinuturing na mga pampublikong dokumento. Para sa pamantayan ng pagsasama, ang mga mensaheng na naglalaman ng mga salita, parirala at estilo na naipaskil mula taon 2017 hanggang sa kasalukuyan. Sampung libo (10,000) na post ang kinuha mula sa tatlong platporm na binanggit. Ang 10,000 na bilang ng mga datos o dataset na ginamit ay nakatutulong sa pagbuo ng mga balangkas para sa pangangalap ng datos at pagtatasa ng kalidad sa iba't ibang larangan, (Kim, 2016).

Sa pag-aaral na ito ginamit ang AntConc software bilang isang mabilisang paraan ng pagkuha sa mga salita, parirala at estilo na ginamit upang tiyak na matukoy ang pagtaas at pagbaba ng paggamit ng mga salita, parirala at estilo ng mga datos. Ang software na ito ay ginamit na walang anumang katumbas na halaga o salapi, nangangahulugan ang paggamit nito ay libre lamang. Ang AntConc ay isang kapakipakinabang na kasangkapan para sa paghahanap ng mga kumpol (mga pattern ng pagkakaugnay ng mga salita) o n-grams (mga pagkakasunod-sunod na bilang ng mga salita sa loob ng isang corpus o dokumento). Ito ay partikular na kapakipakinabang kapag natukoy ang mga salitang may mataas na dalas para sa isang estratehiya sa paghahanap ngunit nais taasan ang katumpakan ng iyong paghahanap, (Gore, 2025). Sa tulong ng software na ito, sistematikong nasuri ang mga salita, parirala, at estilo sa loob ng corpus sa pamamagitan ng mga tampok nito tulad ng word frequency, concordance, at clusters/n-grams.

Ang pangangalap ng mga datos ay direktang kinuha mula pampublikong kabatiran sa facebook, twitter at Instagram, ito ay nangangahulugan na hindi na kinakailangan ang paghingi ng permiso mula sa mga indibidwal na nagpaskil nito. Sa pagkakataong nangyari, ang mga salita, parirala at estilo ay iprenta at ginamit bilang datos. Ito ay lubos na sinuri upang malaman ang mga bagong salita, parirala at estilo ng pagpapahayag sa wikang Filipino na naging karaniwan at popular sa social media mula sa tatlong platporm na nabanggit. Para sa kabuuang awput ng pananaliksik na ito, mula sa mga datos na nakalap, ang mananaliksik ay bumuo ng isang komprehensibong glosaryo na magiging kapakipakinabang para sa lahat ng mambabasa.

## MGA RESULTA

### Mga Salita ng Pagpapahayag sa Wikang Filipino na Karaniwan at Popular sa Social Media

Sa pagsusuri ng datos, natukoy ang pinakapopular na salita sa social media ay ang eabab na nakapagtala ng pinakamataas na bilang ng paggamit ng (396) beses, na may halimbawang post na “Grabe naman ang mukha ng eabab nayan. Sobrang ganda mo naman”. Sinundan ito ng Lodi (264), isang salitang baliktad ng "idol," na karaniwang ginagamit upang ipahayag ang paghanga

sa isang tao, na may halimbawang post na “Wala kayo sa Lodi ko! Petmalu larawan mula sa pelikulang Sukdulan”. Kasunod nito ay ang Ganern (248), isang ekspresyong ginagamit bilang pagsang-ayon o pagpapatibay sa isang pahayag na may halimbawang post na “Kung sila gumigising ng maganda ako gumigising lang, buhay. Ganern!”. Ang iba pang nangungunang salitang madalas gamitin ay Petmalu (219), na nangangahulugang "matindi" o "kamangha-mangha, na may halimbawang post na “bagay na bagay kasi napakagaling gumawa ng kwento petmalu talaga”. Sunundan ng salitang Igop (197), na maaaring isang bagong anyo ng salitang "pogi" kapag binaliktad, na may halimbawang post na “Ang igop mo, parang di galing sa mundong to, Igop ka sa lahat ng anggulo”. Kapansin-pansin din ang mataas na paggamit ng Accla (198), isang salitang nagmula sa bakla at madalas gamitin sa LGBTQ+ community, na may halimbawang post na “kahit sa fasyon talaga walang binatbat yun, mas bongga pa etong pa m&g ni accla lol”. Gayundin, ang Charot (159) nangangahulugang o pagsasaad ng hindi makatotohanan, na may halimbawang post na “baka may dumi ka sa pisngi kaya natatawa sya HAHAHAHAHHA charot”. Sumunod naman ang salitang Yarn (158) ay naging bahagi ng impormal na komunikasyon sa social media bilang paraan ng pagsasaad ng iyan at ang halimbawang post ay “basta post ni lodi lyk ko yarn”. Ang Chariz (151) ay isang anyo ng nagpapahayag ng panunuya o hindi seryosong pahayag, na may halimbawang post na “Masama bang maging up-to-date sa mga kaganapan?! CHARIZ!”. Kasama rin sa listahan ang Lods (142) na mas mipaikli mula sa salitang idol at lodi, na may halimbawang post na “Miss ko na si lods heeseung, sana mag post siya tonight”. Kasunod ang salitang Gedli (134), na nangangahulugang "gilid" at karaniwang ginagamit upang tumukoy sa pagpunta sa isang lugar na malayo sa sentro, kalakip nito ang halimbawang post na “Akalain mo 'yun! Naghahantay lang kami sa gedli, may pa post na si accla”.

Sa hanay ng mga salitang may magkakatulad na antas ng paggamit, lumalabas na may pantay na bilang (132) ang salitang Sakalam, na nangungahulugang malakas na may halimbawang post na “nag iisang Seth fedelin lang SAKALAM”. Ang salitang Atabs mula sa binaliktad na salitang bata, na may halimbawang post na “Yung mga atabs ngayon parang pagod na agad sa bohai “at ang Sanaol na may halimbawang post na “sanaol nakaka inlove yung boses, sakin kase nakaka bingi”. Ang Werpa (123) ay isa pang salitang baliktad na nangangahulugang "power," na may halimbawang post na “Werpa talaga ang eabab na ito”. Habang ang Marites (118) ay naging tanyag bilang pantukoy sa isang taong mahilig sa tsismis, na may halimbawang post na “Hindi lang pogi, pero mukhang gentleman pa! Kita sa mga picture kung gaano sila ka-close, kaya mas lalong lumalakas ang usap-usapan tungkol sa kanilang tunay na relasyon. May something na nga ba, o friendly sweetness lang? Ano sa tingin niyo, mga Marites?”. Sinundan ito ng Apaka (114), ito ay pagpapaikli mula sa salitang napaka, ang halimbawang post ay “Super glowing ang eagirl kahit saang anggulo apaka ganda”. Ang salitang Ebarg (114), binaliktad na salita na grabe o pagsasaad ng sobra, ang halimbawang post ay “ebarg kapogian ni eunhyuk “. Ang salitang Ssob (114), na pawang nagmula sa salitang baliktad na boss, ang halimbawang post ay “Kaw na magsabi ssob. 10 years na kayong kasal di ba? Di niya ata ne review bago e post”. Sa iba pang mga madalas gamitin, makikita ang Ekalal (111), isang variation ng lalake, ang halimbawang post ay “SOBRANG LATINO NG MGA EKALAL NA TO!! SOBRANG MANYEKAAAAAAAAAA”. Ang salitang Erp (110), isang baliktad ng "pre" (kaibigan), na may halimbawang post na “amoy bago erp!”. At ang salitang Aq (106), na pinaikling anyo ng "ako, na may halimbawang post na “Na noticed ko din yan kanina mhie, ng-aabang talaga din ako if sino maka post pra repost sa gidli nlng aq" Samantala, ang Amats (106) ay karaniwang ginagamit upang ipakita ang epekto ng alak o droga, ang halimbawang post na “pasensya na

agad pag puro svt post ko sa lahat ng socmed, antayin ko lang mawala yung amats. di pa ko makapaniwala na nakita ko sila kagabi e". Ang Teh (105) ay isang termino ng pag-aalaga o paglalambing, lalo na sa LGBTQ+ community, ang halimbawang post ay "Nakakalokah ka, teh! Asan ka ba kasi?".

Habang bumababa ang bilang ng paggamit makikita pa rin ang malawakang paggamit ng mga terminong gaya ng Lodicakes (102), isang mas malikhain at mas malambing na anyo ng Lodi, na may halimbawang post na "OMG, nag post na si lodicakes". Ang salitang Lavarn (100), na nangangahulugang "lumaban" o "ituloy ang laban, na may halimbawang post na "Lavarn para sa high grades!". Ang salitang Keribels (98), na nangangahulugang kaya pa o carry lang, na may halimbawang post na "miss ko na kayo so much, hindi ko na po keribels". Kasama rin sa talaan ang Amaccana (87), isang malikhain at pabirong bersyon ng "tama ka na,", na may halimbawang post na "amaccana kasi nakakatawa lang kayong dalawa ". Ang salitang Char (88), isang pinaikling bersyon ng charot, ang halimbawang post ay "Char! Lahat na sila ngkaruon ng income". Sa mga salitang may mas mababang bilang ng paggamit, kabilang ang Bakosh (85), isang eskpresyon lamang, na mag halimbawang post na "Bakosh baho". Ang kasunod na salita ay Norem (83) mula sa binaliktad na salitang meron, ang halimbawang post ay "Pinatunayan nyo na pag norem lang ako nanjan kayu". Ang salitang Vavae (83) na nangangahulugang babae o mayroong kasariang babae, ang halimbawang post ay "Sobraaa sa haggard ang vavae".

**Parirala na Karaniwang Popular sa Social Media**

Makikita ang mga pariralang naging karaniwan at popular sa social media. Ang mga ito ay sumasalamin sa kasalukuyang uso ng komunikasyon sa wikang Filipino. Sa pagsusuri ng datos, natukoy na ang pinakapopular na parirala ay ang *Slayyeddd! Sobrang Latina* na nagtala ng (195) bilang ng paggamit, ang ekspresyong ito ay isang paraan ng papuri, lalo na sa isang taong mahusay sa kanyang estilo, kilos, o pagsasalita, ang halimbawang post ay "*Saan galing na socmed ilagay sa huli GRABE ANG PAGKAMONYEKA SA VAVAE* ***Slayyeddd Sobrang Latina****"*. Sinundan ito ng *Eyyyy ka muna* (129), na kadalasang ginagamit upang akitin o tawagin ang pansin ng isang tao sa pabirong paraan, ang halimbawang post ay *"****Eyyyyy ka muna*** *zur, eyyyy"*. Nasa ikatlong puwesto ang *Hala si Oa* (59), isang pariralang nagpapahiwatig ng pagiging labis o sobra sa isang bagay, karaniwang ginagamit upang punahin ang isang taong tila nagpapakita ng labis na emosyon o reaksyon, ang halimbawang post nito ay "***HALA SI OA*** *NAGPAPAAWA*". Kasunod nito ang *Telege? Beke Nemen* (52), na madalas gamitin sa social media bilang isang tanong na nangangahulugang "naiintindihan mo ba?" habang ang beke nemen ay isang pabirong paraan ng pagsasabi ng "baka naman" ng pag-asam ng isang bagay, ang halimbawang post ay "***telege? beke nemen*** *meta*". Kasunod nito ang pariralang *Sabi ko na Barbie" (7)* na isang uri ng pangungutya, ang halimbawang post ay "*Parang napapa-isip ako bakit ganto mga gusto nya role nya* ***Sabi ko na Barbie*****".** *A*t *Ganyan ang peg* na may parehong nagtala ng (7) na bilang, ito ay tumutukoy sa pagsunod sa isang partikular na tema o nais tularan, ang halimbawang post ay *"****Ganyan ang peg*** *ng collection ko sa imagination ko, pero sa totoong buhay? Nakatambak sa isang pouch".*

**Estilo ng Pagpapahayag na Karaniwang Popular sa Social Media**

**Capitalization**

Ang capitalization ay isang malikhaing estilo ng pagpapahayag na laganap sa social media, kung saan ang paggamit ng malaking titik upang bigyang-diin ang emosyon o reaksyon ng isang tao. Sa datos mula sa talahanayan 2.3, lumilitaw na nagamit ito ng (43) beses, na nagpapakita ng

aktibo at paulit-ulit na paggamit ng mga indibidwal upang iparating ang matinding damdamin ng tuwa, galit, lungkot gulat, o kasabikan. Halimbawa, sa post na *"**PAK!!!!! GANERN**!!pang universe ang pormahan ghurl"* ay nagpapahiwatig ng pagsang-ayon na may kasamang papuri, habang ang *"nabaliw ang eabab (ako) aaaa jayki kooo **HUHUHUHUHU**"* ay nagpapakita ng matinding lungkot o pagkabigo, ang **"***Grabe ang mga oat! Solid! Salamat sa mainit na pagtanggap Charot! Required yan! **HAHAHA***" naman ay nagsasaad ng sobrang kasiyahan o lubos na pagtawa. Kapansin-pansin din ang paggamit ng malalaking titik sa mga salitang gaya ng **"***OH DIBA**???? teh amacanna nasamba ko na yung post"* at "***SANAOL** Pinusuan ng mga netizen ang ibinidang retrato ng OPM singer-songwriter na si #Dionela"* na karaniwan nang ginagamit sa mga pahayag na may halong pagkainggit, pang-aasar, o pagbibiro.

**Pagbuo ng Bagong Salita**

Ang pagbuo ng bagong salita ay isang proseso ng malikhaing paglikha o pagbabago ng mga salita upang maging angkop sa kasalukuyang uso, damdamin, o ekspresyon ng mga tao, lalo na sa mundo ng social media. Sa talahanayan 2.3, makikita na may kabuuang (109) na bagong salita ang naitala. Kabilang dito ang mga salitang *"Bakosh may natalo na **geng-geng**"*, na karaniwang ginagamit upang ilarawan ang isang kilos na nakaiinis o nakakatawa, nagsisilbi rin itong pang-asar o pangkutya sa isang kilos na sa tingin ay *corny o trying hard*. Kabilang din ang salitang *"Ang **pabebe** kong anak... College na... Nagpapasundo pa rin.... Rakenrol"* na tumutukoy sa kilos ng pagiging pa-cute o childish. Nakatala rin ang salitang **"*lafang*** *muna***"** para sa pagkain ng marami at ang salitang "***walwal** now gapang later"* para sa sobrang pag-inom o paggimik at ang *"**Bakosh** may natalo na"*, ginagamit bilang pang-asar o biro sa isang taong natalo, nabigo o tila malas sa isang sitwasyon.

**Akronim**

Ang akronim ay pinaikling anyo ng mga salita o parirala na binubuo gamit ang unang letra ng bawat salita sa isang grupo ng mga salita. Sa modernong komunikasyon, lalo na sa social media, ang paggamit ng akronim ay naging isang mabilis at malikhaing paraan ng pagpapahayag. Batay sa talahanayan 2.3, mayroong (108) na akronim na naitala. Kabilang sa mga halimbawa ang **"***oh diba **GGSS** ako sa short hair ko***"** nangangahulugang *Gandang-Ganda Sa Sarili*, karaniwang ginagamit bilang pagbibiro sa mga taong malakas ang loob sa kanilang itsura, ang *"Payag ka bang **KKB** ang first date niyo?"* na nangangahulugang *Kanya-Kanyang Bayad*, na madalas ginagamit sa mga usapan tungkol sa date o kainan, at ***"SKL** tulog na tulog na ako tapos bigla akong naalimpungatan. no reason nagising ako bigla. tapos may post pala si cheol. grabe hanggang sa pagtulog aware na aware ang diwa ko sa kanya"* o *Share Ko Lang*, na ginagamit bilang panimula sa isang kwento o karanasang gustong ibahagi. Isa rin sa mga popular na akronim ay *"Nakakatawa na nakaka-stress na nakakaloka sa pagiging pabebe! **OMG"*** na nangangahulugang *Oh My God*, na karaniwang ginagamit upang ipakita ang gulat, tuwa, o inis. Ang **"***PARA SA MGA SHUNGA-SHUNGAHAN NA TROLLS' Para sa prangkisa? **LOL**. Para sa kinabukasan nating lahat toh***"** naman na nangangahulugang *Laughing Out Loud* nagpapakita ng matinding pagtawa, katuwaan, o pagkatuwa sa isang biro o walang katotohanan na sitwasyon.

**Pagbaliktad at Pagdagdag ng titik**

Ang pagbaliktad at pagdagdag ng titik ay isang paraan ng malikhaing pagpapahayag na karaniwang ginagamit sa wika ng kabataan, lalo na sa social media o kaswal na usapan. Batay sa talahanayan 2.3, nakatala na (97) na bilang ng mga salita. Makikita ang pagbaliktad ng mga salita gaya ng "***Eguls** talaga tayo tol*" mula sa *Luge*. Ang *"**olats** sa larong pagtitipis"* mula sa *Talo* at "*post ko lang dito tong **amats** ko haha*" mula sa salitang tama (kalasingan o epekto ng alak o droga). Kabilang din ang salitang *"**Alaws** ng intro-intro! Happy Valentine's na agad*

*Maem"* mula sa salitang *Wala* at *"ayy ito pala ang isa kong* ***atabs****"* mula sa *Bata*. Ang gamit ng pagbaliktad at pagdagdag ng titik sa mga salita ay pangunahing nakasentro sa kreatibong pagpapahayag ng damdamin, ideya, at personalidad, lalo na sa mga kabataan, ginagamit ito bilang paraan ng pagpapasaya at pagpapagaan ng tono sa isang usapan, ginagawang mas nakatutuwa, o mas pabiro ang dating ng mga salita.

**Pagbaliktad ng Salita**

Ang pagbaliktad ng salita ay isang malikhaing paraan ng pagpapahayag na karaniwang ginagamit ng mga kabataan sa kaswal na usapan, lalo na sa social media. Mula sa talahanayan 2.3, naitala ang (58) na bilang ng beses na ginamit. Sa mga halimbawang tulad ng **"***Sige okay lang Dito sumabit Ang tag Kasi for* ***eabab*** *eh"* mula sa salitang *babae*, kasunod ang salitang *"hindi umiiyak sa* ***ekala****l para alam mo"* mula sa salitang *lalake*, *ang "Joliebee Mukbang* ***Rapsa****"* na nagmula sa salitang *sarap*, ang salitang **"***Kaway kaway sa mga* ***igop*** *dyan"* na nagmula sa salitang *pogi*. Kabilang din ang salitang *"CCTV Lang* ***sakalam****..werpa"* mula sa salitang *malakas* at werpa mula sa salitang *power*. Makikita ang malikhaing pagbago sa orihinal na anyo ng mga salita upang magbigay ng mas masaya, pabiro, at kakaibang tono.

**Pagbabago ng Kahulugan**

Ang pagbabago ng kahulugan ay isang paraan ng paggamit ng mga karaniwang salita sa bago o di-literal na paraan, na karaniwan ding matatagpuan sa wika ng kabataan sa social media. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang na (52) na ginamit ang estilo. Ang salitang *"****awit*** *daming naninira"* na karaniwang nangangahulugang kanta pero ngayon ay ginagamit na pantukoy sa sama ng loob o panghihinayang, ang salitang **"***Grabe. Mej* ***sabaw*** *pa ako sa puyat from Hometown Chachacha kagabi, but good morning mga marze***"** na literal ay sabaw ng pagkain pero sa bagong gamit ay nangangahulugang malabo ang isip o lutang, makikita ang malikhaing pagbaluktot sa orihinal na kahulugan upang makapagpahayag ng damdamin sa mas masining o makabagong paraan. Ganoon din ang paggamit ng mga salitang tulad ng *"Mga* ***mars****! Open na ang auditions para sa bonggang-bonggang musical of 2025, Delia D*" na tumutukoy bilang isa sa mga planeta ay ginagamit na sa kasalukuyan bilang katawagan sa kaibigan. Kabilang din ang salitang *"For the ganyan ang* ***peg*** *sayooo pra alam mooo"* na tumutukoy sa uri ng hayop ay nagtataglay na ngayon ng bagong kahulugan na tumutukoy sa inspirasyon, estilo, o mood na gustong gayahin o sundan ng isang tao.

**Bagong Ekspresyon**

Ang bagong ekspresyon ay mga makabagong paraan ng pagpapahayag ng damdamin at reaksyon na karaniwang ginagamit sa social media at kaswal na usapan, lalo na ng mga kabataan. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang ng beses na ginamit na may (39). Ilan sa mga makabagong eskpresyon ay ang *"****Ackkk*** *pretty nmn ng Eabab na etoooo"* na nagpapakita ng kilig o matinding tuwa, ang salitang *"****shesh*** *sobrang astig, apoy"* na ginagamit bilang pagpapakita ng pagkamangha, paghanga o pagkabigla sa isang bagay o pangyayari, at ang *"Thank you so much po sa masarap na pagkain nabusog po kami* ***Eyyy!"*** na isang masayang pagpapahayag na kadalasang ginagamit upang ipahayag ang emosyon o reaksyon ng isang tao sa partikular na sitwasyon. Kabilang din ang *"****SANAOL*** *JAS, MAYAMAN"* na ginagamit bilang pagpapahayag ng pagpapainggit o paghanga sa taglay ng iba, at ang *"****EDI WOW*** *AKO NA LAGE WAY LOVELIFE"* na may halong pang-aasar o sarcasm, karaniwang sagot sa mga mayabang o mapagmataas na pahayag.

**Bagong uri ng Pagtatanong**

Ang bagong uri ng pagtatanong ay isang estilo ng pagbuo ng mga tanong na gumagamit ng mga makabago, malikhain, at kadalasang nakatatawang pahayag. Batay sa talahanayan 2.3,

naitala ang bilang na (29) na beses na ginamit. Ang tanong na **"Sinetch etey"** *na ang kaangkan-kanganan ay mas malandi pa sa mga bakla. Takot ka ba masapawan mhie?"* ay gumagamit ng kolokyal na pahayag at may hamon o pagtatanong tungkol sa pagiging mas magaling. Ang ***"Ene be telege****? Printer, please cooperate"* ay isang tanong na nagpapakita ng pagka-inis sa hindi pagtugon ngunit may kasamang pagpapagaan ng sitwasyon. Samantalang ang *"Busog* ***yarn?"*** ay isang simpleng tanong na gumagamit ng slang na "*yarn"* na ginagamit upang tukuyin ang kwento o salaysay na may kasamang pabirong estilo. Ang "*Charot,* ***anetch*** *daw?"* ay isang inpormal na termino na tanong na may halong pagbibiro. Ang ***"Yan po ba ang tono ng nagtatanong meym?"*** ginagamit ito upang tanungin o komentaryohan ang tono ng isang tao sa pagtatanong, lalo na kung ang tono ay may kasamang kalokohan o pagpapatawa.

**Pagpapaikli at Pagdaragdag ng titik**

Ang pagpapaikli at pagdaragdag ng titik ay isa sa mga makabagong gawi ng pakikipagkomunikasyon sa social media. Ito ay paraan upang gawing mas mabilis at mas kaswal ang mga mensahe. Batay talahanayan 2.3, naitala ang bilang (28) na beses na ginamit. Ang halimbawang post na "*geh, tulog nalang ako"* ang **geh** na ginamit ay mula sa salitang sige. Halimbawa nito ang *"medj"* na pinaikling anyo ng "medyo", at *"geh"* na mula sa "sige". Isa pang halimbawa ay ang *"Ansaveh ng Miniso sa display ko teh?!"* kung saan ang salitang **teh** ey mula sa ate. Kasama rin dito ang *"Anong chika jan besh?"* na nagpapakita ng kaswal na pagtatanong, ang ginamit na **besh** ay mula sa salitang bestfriend o matalik na kaibigan. Makikita ito sa post na *"WAIT KSJSHHAJHAK LEGIT BA?!?!! KALA KO AFTER 5 MINS OR SO PA magka vc nga yata ang mga nakshies na i2*", kung saan ang **nakshies** ay tumutukoy sa mga anak. Ang gamit ng uri ng estilo na ito ay ang pagiging isang masining at malikhaing paraan ng komunikasyon sa social media, lalo na sa mga kabataan.

**Pagpapalit Patinig**

Ang pagpapalit ng patinig ay isa sa mga malikhaing paraan ng pagpapahayag sa social media na karaniwang ginagamit upang gawing mas nakakatawa o malambing ang isang mensahe. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang (21) na beses na paggamit. Sa halimbawang post na *"Sobrang latina* ***telege***" mapapanisn ang pagpapalit ng patinig mula a patungo sa e, ang salitang ito ay mula sa terminong talaga*". Ang* ***gondo*** *ng hair!"* ang salitang gondo mula sa salitang *ganda* makikita ang pagpapalit ng patinig mula a patungo sa o, kasunod nito ang halimbawang post na *"****Enebe*** *ako lang to"* ang salitang enebe ay mula sa *ano ba* mapapansin ang pagpapalit ng patinig mula sa o at a patungo sa e. Kabilang din ang post na "***Meserep kese yeng melepet,teng ene nemen"*** sa post na ito, makikita ang pagpapalit ng patinig patungo sa e. Kasama rin ang post na "***beke nemen*** *po HAHAHAHAH*" ang pahayag na ito ay mula sa orihinal na *baka naman* at pinalitan ng patinig na a ay pinalitan ng patinig na e. Sa paraang ito, ang mga orihinal na patinig sa salita ay sinasadya talagang palitan upang makabuo ng kakaibang tunog na mas angkop sa kaswal na usapan. Sa ganitong estilo ng wika, hindi lamang basta mensahe ang naipahahayag kundi maging ang emosyon, personalidad, at pakikiisa sa digital na kultura.

**Pagpapaikli ng Salita**

Ang pagpapaikli ng salita ay isang karaniwang gawi sa social media na ginagamit upang gawing mas mabilis, mas kaswal, at mas nakatutuwang basahin ang mga mensahe. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang na (16) beses na ginamit. Sa mga halimbawa post tulad ng *"****apaka*** *cute nambebe na 'yan,"* pinaikli ang *napaka* bilang *apaka*. Kasunod naman ang halimbawang post na ***"Anyare****? Bat si Alleiah lang gumawa nito kahapon?"* ang salitang *anyare* na galing sa *Ano ang nangyari*. Kasama rin ang *"ang ingay ko na pala, pag ako wala sa fav moots nyo haha* ***ge*** *ays lang"* ang salitang *ge* ay mula sa salitang *sige* na nangangahulugang

pagpayag o pagsang-ayon. Samantala, ang halimbawang post na "*hoy **accla** ano na"* ang salitang *accla* ay pinaikling anyo ng *bakla* na ginagamit bilang pantawag sa kaibigan sa LGBT+ circles o sa biruan. Maging ang post na *"Hirap makipagtalo sa panget. Hindi pa nagsasalita nakakapikon na agad e. **Balakajan!**"* mga salitang gaya ng *Balakajan!* ay pinaikling bersyon ng *Bahala ka diyan* na may kasamang emosyon o pagkairita. Ginagamit ang estilong ito sa pagpapadali, pagpapabilis, at pagpapasaya ng komunikasyon, lalo na sa mga impormal na pag-uusap.

**Pagbabago ng Baybay**

Ang pagbabago ng baybay ay isang malikhaing paraan ng pagpapahayag sa social media kung saan sinasadya ang pagbago ng pagbaybay ng mga salita upang maghatid ng aliw, at bagong personalidad sa isang mensahe. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang na (12) na beses na paggamit. Sa halimbawang post na *"**Fagowd** na ang ferson kalerks."* Mula ito sa salitang pagod. Kasunod nito ang *"Grabe ang PAGKOMENYEKA SA **VAVAE**"*, ito ay mula sa salitang babae. Kabilang din ang post na *"hayst 8pm na wala na kame ma post :<< d **aq** sanay 8pm na hindi nag popost update ng ILLUNE HAHAHA"* ang salitang *aq* ay mula sa orihinal na *ako*. Ang *"cheka ano nangyari kay **vakla** sunod sunod mga hugot post"* ang *vakla* na ginamit ay mula sa salitang bakla o tumutukoy sa bahagi ng LGBTQ. Samantala ang halimbawang post na *"**korique**, tapos mag sshared post about sa cutting off"* ang salitang korique ay nagmula sa terminong impormal na bersyon ng korek o nangangahulugang akma o sakto.

**Pagbaliktad at Pagdagdag ng Salita Mula sa Ibang Lengguwahe**

Ang pagbaliktad at pagdagdag ng salita mula sa ibang lengguwahe ay isang malikhaing gawi sa social media na nagpapakita ng pagkamalikhain, kasiyahan, at pagiging kaswal ng mga Pilipino sa pakikipag-ugnayan online. Sa halip na gumamit ng tuwirang salitang Ingles o Filipino, binabaliktad o binabago ang baybay at anyo nito upang maging mas nakakatawa o mas kakaiba ang mensahe. Batay sa talahanayan 2.3, naitala ang bilang na (9) na beses na paggamit nito. Sa halimbawang post na *"Obsessed with u?? **omsimida**"* ang *omsim* ay baliktad na *mismo* at *omsimida* ay pinahaba para tunog Korean o pang-birong dagdag. Kasunod naman ang halimbawang post na *"matic rt basta post ni **lodicakes**"* ang *lodi* ay mula sa binaliktad na salitang *idol* at ang *cakes* ay mula sa salitang ingles na nangangahulugang *small baked item*, tumutukoy ito sa pagtawag sa taong hinahangaan. Kabilang din sa halimbawang post ay *"**omsimaze**, hindi talaga kaya yung sa'yo"* ang salitang *omsim* mula sa orihinal na salitang *mismo* at *amaze* na mula sa salitang *amaze* na nagpapahiwatig ng pagkamangha o pagkabilib. Ang isa pang halimbawang post ay "*Aba **aratbels** na*" ang salitang arat mula sa orihinal na salitang tara at ang bels mula sa kadalasang mga nasa huling salita ng wikang ingles. Kasama rin sa halimbawang post ang *"appreciation post to my bb. **lahamissyou** kita"*, ang *laham* na salita ang mula sa orihinal na salitang *mahal* at ang *missyou* ay mula sa wikang ingles na nangangahulugang pangungulila sa isang tao.

**Paraan ng Pag-unlad at Pagbago ng Wikang Filipino sa konteksto ng Social Media Mula sa Nakaraang Dekada**

Sa mabilis na pag-usbong ng teknolohiya at social media sa nakaraang dekada, kasabay ding nagbago at umunlad ang paraan ng paggamit ng Wikang Filipino, makikita ang malikhaing gampanin ng social media sa pagbabago ng wika. Hindi na lamang ito simpleng daluyan ng impormasyon, kung hindi isang makapangyarihang espasyo kung saan hinuhubog at pinayayaman ang Wikang Filipino sa mas makabago, makulay, at mas personal na paraan. Sa pamamagitan ng mga makabago at malikhaing paraan ng pagpapahayag, unti-unting nahuhubog ang isang bagong anyo ng Filipino, ang isang wikang buhay, bukas sa pagbabago, at patuloy na umiiral sa gitna ng makabagong lipunan.

**Pangunahing Tema at Paksa na Nakaiimpluwensiyang sa Pagbabago at Pagsilang ng mga Bagong Anyo ng Wikang Filipino sa Social Media**

Sa pag-usbong ng makabagong teknolohiya at patuloy na paglawak ng paggamit ng social media, unti-unti ring nagbago at yumabong ang wikang Filipino. Isa sa mga kapansin-pansing pagbabago ay ang paglitaw ng mga pangunahing tema at paksa na nakaaapekto sa anyo ng wikang ginagamit online. Ang mga ito ay hindi lamang sumasalamin sa damdamin, saloobin, at pananaw ng mga gumagamit, kung hindi nagpapakita rin ng makabagong anyo ng komunikasyon na may halong pagpapatawa, pagkamalikhain, at pagiging mapaglaro sa wika. Sa ganitong konteksto, makikitang ang social media ay hindi lamang daluyan ng impormasyon, kung hindi isang makapangyarihang instrumento sa paghubog at patuloy na pagsilang ng bagong anyo ng wikang Filipino.

**Pagpapahayag ng Paghanga**

Ang pagpapahayag ng paghanga ay isa sa mga pangunahing tema o paksa na lumitaw sa social media bilang bahagi ng makabagong anyo ng Wikang Filipino. Batay sa talahanayan 4, naitala ang bilang ng paggamit na umabot sa (195) na beses. Kabilang sa mga halimbawa nito post ay ***"Slayyeddd! Sobrang Latina ng Vavae na toh!!", "SOBRANG MONYEKA SOBRANG GORJUICE!", at "sobrang latina naman talaga ang eabab"*** na pawang mga pahayag na nagpapakita ng papuri, pagkabilib, at paghanga sa isang tao, itsura, kilos, o bagay. Ginagamit ang ganitong mga pahayag upang ipakita ang positibong reaksyon ng isang indibidwal. Karaniwan itong sinasamahan ng makabagong bokabularyo, banyagang termino, at pagmamalabis upang bigyang-diin ang emosyon ng paghanga.

**Pagtawag o Paghinto**

Ang pagtawag o pagpapahinto ay isang makabagong tema o paksa ng komunikasyon na karaniwang matatagpuan sa social media, lalo na sa mga kaswal o nakatutuwang usapan. Batay sa talahanayan 4, umabot sa (129) ang bilang ng paggamit. Ang paggamit ng ganitong estilo, na kadalasang ginagamit upang tumawag ng pansin o magpahiwatig ng pagkontra sa isang biro o sitwasyon. Ang halimbawang post nito tulad ng "***Eyyyyy ka muna Bea"***, ***"isang EYY naman tayo diyan mga besties!"***, at ***"Paulo, evyyyy ka muna evyyyyy."*** Bagamat tila simpleng panawagan, ang ganitong mga pahayag ay madalas na naglalaman ng biro, damdamin, o pakiusap na may halong lambing.

**Pagpuna**

Ang pagpuna sa social media ay isang paraan ng pagbibigay reaksiyon o komento na karaniwang naglalaman ng opinyon at madalas ay may kasamang kritisismo sa isang tao, bagay, o pangyayari. Batay sa talahanayan 4, naitala ang bilang na (59) na paggamit. Ang halimbawang mga post na "***hala si oa naman"***, ***"ackkkk du ma cry ko (Hala si OA)"***, ***"si oa na kala mo galing sa break up ng 11-yr long relationship kung mangulila"***, ***"Si OA Yan sia"***, at ***"si oa ohhhh"*** ay mga kapwa pagpapahayag ng pagpuna, na ginagamit upang tumukoy o magkomento sa isang tao o pangyayari na tila labis ang reaksyon. Ang gamit ng pagpuna sa social media, lalo na sa pamamagitan ng mga salitang tulad ng "OA", ay upang magpahayag ng opinyon, magbigay reaksiyon, o magkomento sa isang kilos, ugali, o pahayag ng ibang tao. Ginagamit ito upang ipakita na ang isang bagay ay sobra, hindi akma, o hindi kaaya-aya ayon sa pananaw ng nagkokomento.

**Paglalambing**

Ang paglalambing ay isang pang bagong tema o paksa ng komunikasyon sa kasalukuyan na nagpapahayag ng damdamin na karaniwang ginagamit upang magpakita ng malambot, magaan,

o mapagbirong tono ng pananalita. Sa social media, ito ay karaniwang naipapahayag sa pamamagitan ng pagbibigay ng *cute*, *pa-baby*, o sadyang binagong baybay ng mga salita upang maging mas magaan at nakatutuwa ang dating ng mensahe. Batay sa talahanayan 4, naitala ang bilang ng paggamit nito na umabot sa (52) na beses. Sa mga halimbawang post na ***"anebe telege ser beke nemenen"***, ***"Koyaaaaahh enebe ang shaket nemen"***, ***"Enebe sir, alam ko naman po eh"***, ***"Hala, na post! Enebe, perengtenge nemen"***, at ***"Enebe nepeke ene me telege!"*** makikita ang sinadyang pagbago sa mga pantig upang maging mas malambing at mas nakaaaliw ang mensahe.

**Pangungutya**

Ang pangungutya ay isang anyo ng pahayag na may layuning mang-insulto, o magpahayag ng panlalait sa isang tao, grupo, o bagay sa paraang may halong panunuya o pagpapatawa. Sa social media, ang ganitong uri ng wika ay kadalasang ipinahahayag sa pamamagitan ng paggamit ng isang salita o pangungusap na may kabaliktarang pagpapakahulugan na may layuning gawing katawa-tawa o maliitin ang isang kilos, opinyon, o personalidad. Batay sa talahanayan 4, naitala ang bilang na (70) na beses ng paggamit. Ang mga halimbawang post na ***"Sabi ko na, Barbie eh!"***, ***"Post to delete, sabi ko na Barbie"***, at ***"Ay Barbie!"***, makikita ang *sarcastic* na tono at paggamit ng salitang **"Barbie"** bilang simbolo ng isang stereotype—karaniwang tumutukoy sa isang taong *pa-cute*, *walang lalim*, o hindi akma sa sitwasyong tinutukoy. Ang paggamit ng salitang **"Barbie"** sa ganitong konteksto ay hindi literal, kundi metaporikal na gamit upang mangutya sa mga taong pinipili ang mga papel o kilos na tila hindi naaayon sa inaasahan ng iba. Halimbawa, sa post na ***"Parang napapa-isip ako bakit gan'to mga gusto niya role niya… sabi ko na, Barbie,"*** may implikasyon ng panghuhusga sa isang tao base sa kanyang pinipiling papel o imahe, na tila ito ay mababaw o hindi karapat-dapat. Ang gamit ng pangungutya sa social media ay may dalawang pangunahing epekto.

**Pagtutulad**

Ang pagtutulad ay isang paraan ng paghahambing na ginagamit upang mailarawan ang isang bagay, kilos, o tao sa pamamagitan ng pag-uugnay nito sa ibang bagay na may kahalintulad na katangian. Batay sa talahanayan 4, naitala ang bilang na (7) na beses na paggamit. Ang mga halimbawang post na ***"Ganyan ang peg ng isang lead vocalist ng banda na kinuyog ng sangkatutak na gamu-gamo"*** at ***"Inggitera ang peg, ayaw lang pahalata pero nakikita sa bawat galaw niya,"*** makikita kung paano ginagamit ang pagtutulad upang magbigay ng mas makulay at mas buhay na paglalarawan sa isang sitwasyon o personalidad. Samantala ang halimbawang post na, ***"ganyan ang peg"***, na nangangahulugang ganito ang estilo o ganito ang dating. Sa mga pahayag na ito, ang *"peg"* ay nagsisilbing modernong paraan ng pagtutulad o pag-aangkop ng isang imahe o ideya sa isa pa. Halimbawa, ang sinabing ***"ganyan ang peg ng collection ko sa imagination ko, pero sa totoong buhay?"*** ay nagpapakita ng kaibahan sa pagitan ng inaasahan at realidad, sa isang mapatawang paraan. Sa post na ***"Need po model, ganyan ang peg,"*** ginagamit ang pagtutulad bilang batayan ng panlasa o inaasam na anyo, na madalas ay nakabase sa isang kilala o popular na imahe.

## DISKUSYON

### Mga Salita, Parirala at Estilo na Nagpapahayag sa Wikang Filipinong

**Salita**

Sa pag-aaral na isinagawa nina Manig at Dabu (2024), nabubuo ang mga napapanahong salita dulot ng pagiging masining at dinamiko ng wika. Sa partikular, nabubuo ang mga ito sa pamamagitan ng binaliktad na mga letra sa isang salita (hal. lodi, olats), pagpapaikli o acronyms

(hal. lol, pm, tysm, lf), pagbabago sa baybay o ispeling (hal.dasurv), at pagdudugtong ng isa pang salita (hal. lodicakes, crushiecakes). Dagdag pa ni Navarro (2022), ang pagkalat at pag-usbong ng mga bagong salita sa wikang Filipino sa panahon ng digital media ay dala ng mga personalidad sa social media, gaya ng mga sikat sa YouTube, TikTok, at Facebook, ay may malaking impluwensiya sa wika ng mga tao. Sa pamamagitan ng kanilang mga video, post, at live interactions, nagiging mabisang daluyan sila ng mga salitang bago o muling nauso.

**Parirala**

Sa pag-aaral na isinagawa ni Hutagol (2024), patuloy na pagbabago at pag-usbong ng iba't ibang henerasyon ay nag-aambag din sa penominong pagbabago ng wika. Bawat pangkat ng edad ay may sariling estilo ng pananalita at natatanging mga parirala, na nagdudulot ng mga pagkakaiba sa kahulugan at pagpapahayag. Ang pag-unlad ng teknolohiya sa impormasyon at komunikasyon ay may malaking papel din sa pagbabago ng paraan ng ating pakikipag-usap, maging sa pamamagitan ng mga *text message, social media,* o *instant messaging applications.* Dagdag pa ni Magno (2020), ang mga teknolohiyang ito ay nagbigay-daan sa mas mabilis at malawakang pagpapalitan ng mga parirala, na nagreresulta sa pag-usbong ng mga bagong anyo ng wika tulad ng mga akronim, slang, at hybrid na wika.

**Estilo**

Mula sa pananaliksik ni Malik (2025), obserbahang ang social media ay karaniwang ginagamit kasabay ng mga daglat, emoji, at impormal na estruktura ng mga pangungusap, at ang mga tao ay may tendensiyang gumamit ng pormal at impormal na wika sa kanilang komunikasyon. Higit pa rito, ginagawang mas malikhain ang paggamit ng wika sa social media sa pamamagitan ng mga bagong salita, uso, at ekspresyon na kadalasang nagmumula sa mga meme at viral na nilalaman, dahilan kung bakit mabilis ang pagkakaroon at pagkalat ng mga bagong anyo ng wika. Mula kay Cruz (2019), nagkakaroon ng pag-usbong ng mga bagong anyo ng pananalita na kadalasang hango sa "beki language," paggamit ng mga acronym tulad ng "LOL" (Laugh Out Loud) at "OMG" (Oh My God), at pagsasalin ng mga banyagang salita sa Filipino. Lumalaganap din ang mga "code-switching" o ang halinhinang paggamit ng Ingles at Filipino sa iisang pangungusap.

**Paraan ng Pag-unlad at Pagbago ng Wikang Filipino sa konteksto ng Social Media Mula sa Nakaraang Dekada**

Batay sa pag-aaral ni Espinosa (2019), ang wikang Filipino ay lumalawak sa paglipas ng panahon. Sinasabing patay ang wika kung walang pagbabago itong tinatanggap. Marami ng pagbabago ang nangyari sa wikang ito dahil sa impluwensiya ng neolohismo mula sa mga salitang nabuo ng iba't ibang henerasyon. Dagdag pa ni Santos (2017), ang social media ay isang pangunahing puwersa sa patuloy na pag-unlad at pagbabago ng wikang Filipino. Ipinakita sa pananaliksik na ang online na pakikipagtalastasan sa mga plataporma tulad ng Facebook, Twitter, at Instagram ay nagdudulot ng mga makabuluhang pagbabagong lingguwistiko. Kabilang dito ang pagbuo ng mga bagong termino, pagpapaikli ng mga salita, at malawakang paggamit ng mga meme, emoji, at hashtag bilang bahagi ng diskurso.

**Pangunahing Tema at Paksa na Nakaiimpluwensiyang sa Pagbabago at Pagsilang ng mga Bagong Anyo ng Wikang Filipino sa Social Media Pagpapahayag ng Paghanga**

Mula sa pananaliksik ni Rañeses (2020), ang masiglang paggamit ng wikang Filipino sa social media bilang pangunahing daluyan ng pagpapahayag ng emosyon ng kabataan. Nakatuon ang pag-aaral sa iba’t ibang uri ng damdamin tulad ng saya, lungkot, galit, at higit sa lahat ang

pagpapahayag ng paghanga. Dagdag pa rito ni Rañeses (2019), ang social media ay nagsisilbing espasyo kung saan naipakikita ng kabataan ang kanilang paghanga sa paraang bukas, malikhaing, at makabuluhan gamit ang wikang higit na nakaugat sa kanilang pagkakakilanlan. Sa pamamagitan nito, napapalaganap hindi lamang ang positibong damdamin tulad ng paghanga, kundi pati ang paggamit at pagpapayaman ng wikang Filipino sa digital na espasyo.

**Pagtawag o Pagpapahinto**

Mula sa pananaliksik ni Clemen (2018), ang social media ay nagiging plataporma rin ng mga diskurso tungkol sa pagtawag o pagpapahinto sa wikang Filipino sa ilang pagkakataon, kung saan may mga usapin tungkol sa kung paano dapat gamitin ang wika, ang pagpasok ng mga banyagang salita, at ang dinamismo ng wikang Filipino sa digital na panahon. Dagdag pa ni Batan (2019), tinutukoy ang paggamit ng wika sa pagtawag o pagpapahinto, binibigyang-diin ng pananaliksik ang kahalagahan ng wikang Filipino sa mga interaksyong sosyal at pang-akademiko, na maaaring maglaman ng mga sitwasyong nangangailangan ng pagtawag ng pansin.

**Pagpuna**

Batay sa pag-aaral ni Zerna (2022), ipinakita ang epekto ng social media sa pagyabong at pagbabago ng bokabularyo ng mga mag-aaral. Sa mga post, komento, at tugon sa social media, madalas gamitin ng mga mag-aaral ang mga salitang maaaring magpahayag ng pagpuna direkta man o may bahid ng sarcasm, humor, o shade. Pinatutunayan ng pag-aaral na ang social media ay hindi lamang daluyan ng bagong bokabularyo kundi isa ring espasyo kung saan ang wika ay ginagamit bilang instrumento ng panlipunang komentaryo. Dagdag pa ni Alonzo (2023), ang wikang Filipino ay nagiging mas dinamiko at replektibo ng mga isyung panlipunan at pangkultura, kung saan ang pagpuna ay isa ng integral na bahagi ng wika sa digital na panahon. Itinataas din nito ang kamalayan sa kahalagahan ng kritikal na paggamit ng wika, lalo na sa mga kabataan na aktibong kalahok sa online na diskurso.

**Paglalambing**

Sa pag-aaral ni Santos (2023), ang mga anyo ng paglalambing na ginagamit ng kabataang Pilipino sa social media, partikular sa mga platapormang tulad ng Facebook, Twitter, at TikTok. Ipinakita sa pananaliksik na ang mga modernong anyo ng paglalambing na nagpapakita ng emosyonal na koneksyon at pakikipag-ugnayan. Ayon sa pag-aaral, ang mga ekspresyong ito ay hindi lamang nagpapahayag ng damdamin kundi nagsisilbing paraan upang mapanatili at mapalalim ang ugnayan sa pagitan ng mga indibidwal sa digital na espasyo. Dagdag pa rito ni De Chavez (2018), ang paggamit ng wika sa social media ay hindi lamang daluyan ng impormasyon kung hindi kasangkapan din sa pagpapahayag ng damdamin tulad ng pagpapakita ng simpatya, paghingi ng tulong, pagbibiro, at pakikipagkaibigan. Sa mga ganitong sitwasyon, makikita na may espasyo ang wikang Filipino para sa mas malumanay, magaan, at madamdaming paraan ng komunikasyon, na kabilang na rito ang paglalambing bilang porma ng emosyonal na ekspresyon.

**Pangungutya**

Batay sa pananaliksik ni Delos Santos (2020), ang dinamika ng modernong komunikasyon sa social media, partikular sa paggamit ng wikang Filipino bilang kasangkapan ng pangungutya. Ayon sa kanya, umusbong ang isang bagong anyo ng wika na kadalasang mapanlait, at sarkastiko, isang wika ng kabataang tila nakakatawa sa unang tingin ngunit may matatalim na komentaryo sa ilalim. Dagdag pa ni Manig (2024), naging masining ang wika sa pamamagitan ng malikhaing konstruksyon ng mga termino dahil sa tuloy-tuloy nitong pagbabago batay sa uso, konteksto, at layunin ng mga tao. Kabilang sa mga salitang sinuri sa pananaliksik ay ang mga ginagamit sa pangungutya na isang anyo ng ekspresyon na maaaring may bahid ng satira,

panunukso, o pagbibigay-kritika na nakatago sa anyo ng biro. Ipinakita rin na sa social media, ang mga ganitong wika ay hindi lamang ginagamit para sa aliwan kung hindi bilang instrumento ng komentaryong panlipunan, pagpapahayag ng pagkadismaya, o pagtuligsa sa mga isyung kinahaharap ng lipunan.

**Pagtutulad**

Batay sa pananaliksik ni Rodriguez (2018), ang paglaganap ng social media ay nagbubukas ng mas maraming oportunidad para sa malikhaing paggamit ng wikang Filipino, kabilang ang paggamit ng pagtutulad. Binanggit din na ang mga makabagong anyo ng pagpapahayag tulad ng meme, fliptop, at spoken word ay nagpapalawak ng bokabularyo at paraan ng paghahambing sa wika, na kadalasang nakikita sa social media bilang bahagi ng pop culture at diskurso ng kabataan. Dagdag pa ni Barredo (2022), ang paggamit ng wikang Filipino sa social media, kabilang ang paggamit ng mga wika ng pagtutulad bilang paraan ng pagpapahayag. Ipinakita nila na dahil sa impluwensiya ng social media, nagkakaroon ng mas malawak na espasyo ang bawat isa upang lumikha ng wika, kabilang ang pagbuo ng mga bagong estilo ng pagtutulad na mas akma sa mabilis at malikhaing komunikasyon online.

**Implikasyon sa Kasanayang Pang-edukasyon**

Sa pag-aaral na ito ipinapakita na patuloy na nagbabago ang wikang Filipino dahil sa impluwensya ng social media, kaya't mahalagang maunawaan ng mga mag-aaral at guro ng mga bagong termino at pagpapakahulugan upang mapanatili ang kaugnayan ng wika sa kasalukuyang henerasyon. Mahalagang ituro ang kritikal na pagsusuri sa wika upang matulungan ang mga mag-aaral na maging mapanuri sa tamang paggamit ng wikang Filipino sa iba't ibang konteksto, lalo na sa pormal at impormal na komunikasyon.

Dagdag pa rito, mahalagang bigyang-pansin ng edukasyon ang mga pagbabagong ito upang mapanatili ang pagiging dinamiko at epektibo ng wikang Filipino sa digital na panahon. Dahil sa mabilis na pagbabago ng wika sa social media, maaaring makatulong ang edukasyon sa pagbibigay-linaw sa tamang paggamit ng mga bagong salita upang maiwasan ang maling interpretasyon at paglaganap ng maling impormasyon. Maaari din gamitin ng mga guro ang mga datos mula sa social media bilang bahagi ng kanilang pagtuturo upang ipakita kung paano umunlad at nagbago ang wika batay sa pangangailangan ng lipunan. Bukod dito, mahalagang pagtuunan ng pansin ang pagpapalakas ng kritikal na pag-iisip ng mga mag-aaral sa paggamit ng wika. Dahil sa mabilis na pagbabago ng wika sa digital na mundo, kailangang matutuhan ng mga mag-aaral kung paano ang wasto at angkop na gamitin ang wika sa iba't ibang konteksto. Makatutulong ito upang mapanatili ang balanse sa pagitan ng tradisyonal at makabagong anyo ng Filipino. Gayundin, dapat isaalang-alang ng edukasyon ang papel ng wika sa pagpapanatili ng identidad at kultura.

**Pangwakas na Pahayag**

Sa kabuuan ng pag-aaral na ito, lumitaw ang malinaw na katotohanang ang wikang Filipino ay patuloy na umuunlad at nakikibagay sa mga pagbabagong dala ng teknolohiya, partikular na sa social media. Sa pamamagitan ng corpus-based na pagsusuri sa 10,000 post mula sa Facebook, Twitter, at Instagram, natukoy ang mga pinakaginagamit na makabagong salita, parirala, at estilo ng komunikasyon. Ang resulta ay nagbunga ng isang komprehensibong glosaryo na nagpapakita ng makabagong anyo ng wika sa digital na mundo. Ang aking paglalakbay sa pananaliksik na ito ay puno ng hamon at pagkamangha. Mula sa masusing pangangalap ng datos hanggang sa teknikal na pag-aanalisa gamit ang AntConc Software, naranasan ko kung gaano kahalaga ang pagiging masinop, mapanuri, at bukas sa mga bagong pamamaraan ng pag-aaral. Ang bawat hakbang ay nagbigay sa akin ng mas malalim na

pang-unawa sa wikang Filipino, lalo na sa makabago at masining nitong anyo na nalilikha sa araw-araw sa social media.

Ang aking realisasyon ay higit pa sa inaasahan, ang wika ay hindi lamang kasangkapan sa komunikasyon kung hindi isa ring salamin ng ating pagkatao, kultura, at panlipunang realidad. Dahil dito, masasabi kong malaki ang naging pagbabago ng aking pananaw sa wika mula sa pagiging pasibong tagamasid, naging mas aktibo akong tagapagmasid, tagapagtala, at tagapag-unawa. Ang wika ay hindi lamang isang akademikong paksa kung hindi buhay na elemento na kasabay nating humihinga, kumikilos, at nakikiayon sa agos ng panahon. Kung dati ay inaalala ko ang pagkawala ng ilang tradisyonal na salita, ngayon ay mas pinahahalagahan ko ang pagsibol ng mga bagong anyo ng wika na bunga ng malikhaing isip, teknolohikal na pag-unlad, at masiglang ugnayang panlipunan. Ang mga ito ay dapat pag-aralan, unawain, at kilalanin bilang mahalagang ambag sa patuloy na pagyabong ng wikang Filipino.

## SANGGUNIAN

Bayram, F., & Uzum, S. (2022). Examining the Reflection of Social Media on School Administration: A Qualitative Research. Journal of Educational Leadership and Policy Studies (JELPS), 6. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1372172.pdf

Bulnes, J. K. (2022). Perceived Impact of Social Media on Filipino Undergraduates' English Language Learning. International Journal on Integrated Education, 5(4). https://www.researchgate.net/publication/360270504

Cardiño, C. P., Hechanova, H. M. L., Praun, P. A. A., Remeterio, R. P., Unzo, J. A., & Rilon, D. J., Jr. (2024). Epekto ng social media sa pakikipagkomunikasyong berbal ng piling mga mag-aaral sa unang taon: Isang gabay. Bestlink Journal of Education and Society, 3(2). https://ojs.aaresearchindex.com/index.php/aasgbcpjmra/article/view/13513

Cooke, M. J. (2023). A Grammar of Bisaya in Davao. International Journal of Innovative Science and Research Technology, 8(2). https://www.ijisrt.com/assets/upload/files/IJISRT23FEB832.pdf

Culla-ag, J. C., Cosente, G. T., Chadya-as, B. P., Dirampaten, N. U., & Eguia, M. L. G. (2025). Mga hamon sa epektibong paggamit ng Wikang Filipino sa pagsasalita. Cognizance Journal of Multidisciplinary Studies, 5(1), 178–196. https://doi.org/10.47760/cognizance.2025.v05i01.015

Dembe, T. (2024). The Impact of Social Media on Language Evolution. European Journal of Linguistics, 3(3), 1–14. https://www.researchgate.net/publication/382186538

Dobesova, Z. (2024). Evaluation of Orange data mining software and examples for lecturing machine learning tasks in geoinformatics. Computer Applications in Engineering Education, 32(4). https://doi.org/10.1002/cae.22735

Esteron, M. (2021). Different Language Usage on Social Media. International Journal of Advanced Engineering, Management and Science (IJAEMS), 7(3).

Estrera, J., & Mendoza, E. (2023). Isang pagsusuri sa Filipino – Tadbalik ng mga mag-aaral St.Louise de Marillac College of Sorsogon. International Journal of Research Studies in Education, 122, 71–77. https://www.researchgate.net/publication/370106718

Giyatmi, G., Wijayava, R., & Arumi, S. (2017). English blends found in social media. Jurnal Arbitrer, 4(2), 67–75. https://scispace.com/pdf/blending-words-found-in-social-media-bmqybdwc4v.pdf

Gonzales, A., & Sibayan, B. P. (Eds.). (2020).Language in schools (Monograph No. 41). Linguistic Society of the Philippines. https://files.eric.ed.gov/fulltext/ED420989.pdf

Grandez, M., Ablero, M. C. P., Lasala, R., & Bonganciso, R. T. (2023, September). Forda Ferson: The morphological structure of Generation Z slang in social media. Journal of English as a Foreign Language Teaching and Research, 3(2), 14–30. https://doi.org/10.31098/jefltr.v3i2.1847

Gurses, D. (2024). Candidates' Use of New Media and Social Media as Technology Tools in the TRNC 2020 Presidential Election Process. ERIC, 23(1). https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1416052.pdf

Jebaselvi, A., & Mohanraj, K. (2023). The Impact of Social Media on the Evolution of Language andCommunication Trends. International Journal of English, 12(1), 41–44.

Lestari, D. A., Primagara, M., Sari, S. A., Meilina, A., Fauziah, S., Sugesti, A. I., Nasywa, A., & Salwi, A. D. (2024). Meme culture: A study of humor and satire in digital media. International Journal of Advanced Multidisciplinary Research and Studies, 4(4),

134–140. https://doi.org/10.62225/2583049X.2024.4.4.3013
Luhulima, C. C., Hutagaol, D. R., Nofiyanti, & Linuwih, E. R. (2024, April). Language change on social media. International Journal of English and Applied Linguistics (IJEAL), 4 (1), 81. https://doi.org/ijeal.v4i1.3718
Lumacao, J. (2023). Pagpapanatili ng Termino ng Machine Translation Bilang Pagpapayaman sa Korpus ng Wikang Filipino. ResearchGate, 1. https://www.researchgate.net/publication/374371711_Pagpapanatili_ng_Termino_ng_Machine_Translation_Bilang_Pagpapayaman_sa_Korpus_ng_Wikang_Filipino
Malaque, M. (2023). Pagbubuo ng Glosaryo sa mga Salitang GenZ sa SocMed: Tugonsa Elaborasyon ng Wikang. The Normal Lights. https://www.researchgate.net/publication/371883041_Pagbubuo_ng_Glosaryo_sa_mga_Salitang_GenZ_sa_SocMed_Tugon_sa_Elaborasyon_ng_Wikang_Filipino
Mangila, B. B. (2018). Pedagogic code-switching: A case study of the language practices of Filipino teachers in English language classrooms. English Language Teaching Educational Journal (ELTEJ), 1(3), 115–133. https://files.eric.ed.gov/fulltext/EJ1288199.pdf
Manig, L. J. B., Cassandra, K. C., Mangalindan, G. F. P., & Rafael, M. Y. (2024, September). Masining at dinamik: Pag-usbong ng mga napapanahong salita tugon sa makulay na pagbabago ng wika ng social media. https://doi.org/10.13140/RG.2.2.15178.38085
Mishnick, N. & Wise, D. (2024). Social media engagement: An analysis of the impact of social media campaigns on Facebook, Instagram, and LinkedIn. International Journal of Technology in Education.IJTE, 7(3), 535-549. https://doi.org/10.46328/ijte.699
Mishnick, N. & Wise, D. (2024). Social media engagement: An analysis of the impact of social media campaigns on Facebook, Instagram, and LinkedIn. International Journal of Technology in Education (IJTE), 7(3), 535-549. https://doi.org/10.46328/ijte.699
Monderin, C., & Go , M. B. . (2021). Emerging Netspeak Word Choices in Social Media on Filipino Pop Culture. International Journal of Linguistics, Literature and Translation, 4(6), 49-61. https://doi.org/10.32996/ijllt.2021.4.6.7
Noguera, R. J. M., Ciruela, D. M. A., Benitez, M. J. L., Buo, M. J. E., & Escobal, J. L. C. (2024, July). Pamamaraang paggamit sa mga salitang balbal ng mga kabataang Gen Z: Isang elektronikong pagsusuri. International Journal of Advanced Multidisciplinary Studies, 4(7), 15. 7-IJAMS-JULY-2024-15-27.pdf